

RECORD OF THE SENATE

WEDNESDAY, NOVEMBER 14, 1990

OPENING OF THE SESSION

At 3:32 p.m., the Honorable Jovito R. Salonga, President of the Senate, called the session to order.

The President. Binubuksan ang pulong ng Senado. Pangungunahan tayo sa panalangin ni Senador Agapito Aquino sa pamamagitan ng Majority Floor Leader.

Everybody remained standing for the opening prayer.

PRAYER

Senator Guingona.

Lord,

In the parable of the talents, You taught us that those to whom much is given, much is expected in return.

In this period of economic hardship, we pray for the rich, the powerful, the highly educated and talented amongst us. Move their hearts to compassion for the suffering majority. Awaken their social conscience and their sense of responsibility to the community. Make them realize the beauty of sharing and the infinite gain in giving unconditionally.

Amen.

ROLL CALL

The President. Babasahin ng Kalihim ang talaan ng mga Senador.

The Secretary.

Senator Heherson T. Alvarez	Present
Senator Edgardo J. Angara	Present*
Senator Agapito A. Aquino	Present*
Senator Juan Ponce Enrile	Present
Senator Joseph Ejercito Estrada	***
Senator Neptali A. Gonzales	Present
Senator Teofisto T. Guingona, Jr.	Present

* Arrived after the roll call

** On official mission

*** On official mission but arrived after the roll call

Senator Ernesto F. Herrera	Present
Senator Sotero H. Laurel	Present
Senator Jose D. Lina, Jr.	Present
Senator Ernesto M. Maceda	Present
Senator Orlando S. Mercado	Present
Senator John H. Osmeña	**
Senator Vicente T. Paterno	Present
Senator Aquilino Q. Pimentel, Jr.	Present
Senator Santanina T. Rasul	**
Senator Alberto G. Romulo	Present
Senator Rene A. V. Saguisag	Present
Senator Leticia Ramos Shahani	Present
Senator Mamintal Abdul J. Tamano	Present
Senator Wigberto E. Tañada	Present
Senator Victor S. Ziga	Present
The President	Present

The President. Labing-walong Senador ang dumalo sa ating pagpupulong; mayroon tayong korum.

THE JOURNAL

Senator Guingona. Mr. President, I move that we dispense with the reading of the *Journal* of yesterday's session and consider the same as approved.

The President. Is there any objection? [*Silence*] Hearing none, the same is approved.

The Secretary will now read the Order of Business.

REFERENCE OF BUSINESS

MESSAGE OF THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES

The Secretary.

November 10, 1990

Hon. Jovito R. Salonga
Senate President
Manila

Dear Senat President Salonga,

I have the honor to certify the attached bill entitled

**AN ACT REPEALING PRESIDENTIAL
DECREE NO. 1853 AND FOR OTHER
PURPOSES,**

The Presiding Officer [Senator Tañada]. Is there any objection? [Silence] Hearing none, the same is approved.

BILL ON SECOND READING
Senate Bill No. 209--Komisyon Ng Wikang Pambansa

Senator Guingona. Mr. President, I move that we consider Senate Bill No. 209 as reported out under Committee Report No. 329.

The Presiding Officer [Senator Tañada]. Consideration of Senate Bill No. 209 is now in order. With the permission of the Body, the Secretary will read only the title of the bill, without prejudice to inserting in the *Record* the whole text thereof.

The Secretary. Senate Bill No. 209, entitled

**ISANG BATAS NA LUMILIKHA SA KOMISYON
NG WIKANG PAMBANSA.**

The following is the full text of Senate Bill No. 209:

PALIWANAG

Ang programang pangwika ay noon pang 1935 sinimulan, ngunit sa kabila ng paglipas ng mahigit na 52 taon, hindi pa rin masasabing matagumpay ang pagpapatupad nito. Maaaring maalala na ang Commonwealth Act No. 184, na sinusugan ng CA333 ang nagtayo ng Surian ng Wikang Pambansa at ngayon ay kilala sa ngalang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas sang-ayon sa Executive Order 117.

Ang kasalukuyang Saligang Batas ay may probisyong nagsasaad ng ganito: "Dapat magtatag ang Kongreso ng isang Komisyon ng Wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't-ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili."

(Seksyon 9, Artikulo XIV).

Kailangang magkaroon na agad ng Komisyon ng Wikang Pambansa upang masimulan sa lalong madaling panahon ang mga hakbangin tungo sa pambansang pagkakaisa bunga ng Pambansang Wika, at mapag-ibayo ang bisa ng konsultasyon, rekonsilasyon, at ang liderato sa pamamagitan ng magandang halimbawa.

Ang pagpapatibay ng panukalang batas na ito ay taos-puso naming hinihiling.

(Lagda) ORLANDO S. MERCADO
Senador

English Translation:

EXPLANATORY NOTE

The program on the national language started way back in 1935, but despite its more than 52 years of experience, its implementation cannot really be described as successful. It will be recalled that Commonwealth Act 184 as amended by CA 333, created the Institute of National Language which was renamed Institute of Philippine Languages, under Executive Order 117.

The present Constitution has a provision on the establishment of a National Language Commission, to wit: "Congress shall establish a National Language Commission composed of representatives from different regions and disciplines which shall undertake, coordinate, and promote re-searches for the development, propagation, and preservation of Filipino and other languages." (Sec. 9, Art. XIV).

There is an immediate need for a National Language Commission in order to implement the programs as soon as possible to achieve national unity that may be

derived therefrom and to intensify the effects of consultation, reconciliation, and effective leadership by example.

Approval of this bill is earnestly requested.

(Sgd.) **ORLANDO S. MERCADO**
Senator

Pinagtitibay ng Senado at ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas sa Kongresong nagkakatipon:

SEKSIYON 1. Patakaran. Batay sa Konstitusyong 1987, tinitingnan ng Kongreso na angkat at kagyat ang pagpapatupad sa kautusan na nagtatakda sa pagtatayo ng isang Komisyon ng Wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't-ibang rehiyon at disiplina, na siyang magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng pananaliksik sa pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili ng Filipino at iba pang wika sa Pilipinas.

SEKSIYON 2. Pagbabagong-pangalan. Ang kasalukuyang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas ay babaguhin ang pangalan at magiging Komisyon ng Wikang Pambansa at ang kapangyarihan at tungkulin nito ay palalawakin ayon sa itinatadhana sa Seksyon 7 ng Batas na ito. Ang Komisyon ay may kapangyarihang humirang ng mga tauhan nito, kung kinakailangan, nang naaayon sa batas.

SEKSIYON 3. Komposisyon. Ang Komisyon ay bubuin ng isang Tagapangulo at labimpitong (17) Kasamang Komisyonado; Labintatlo (13) ang kakatawan sa labintatlong pampulitikang rehiyon -- mga rehiyong 1-12 at National Capital Region; isa (1) ang kakatawan sa likas na sining; isa (1) ang kakatawan sa mga panlipunang siyensiya; isa (1) ang

kakatawan sa sining pampanitikan; at isa (1) ang kakatawan sa sining pantanghalan, audio at biswal. Ang Tagapangulo at mga Kasamang Komisyonado ay kailangang di bababa sa tatlumpu't limang (35) taong gulang, mga likas na Pilipino at kilala sa kanilang kaalaman at kasanayan sa lingguwistika at panitikan ng wika ng mga rehiyong kinakatawan nila, dagdag pa sa kanilang malasakit sa pag-unlad at ikayayaman ng Filipino bilang pambansang wika. Ang Tagapangulo at Kasamang Komisyonado ay hihirangin ng Pangulo ng Republika na may pagsang-ayon ang Komisyon sa Paghirang.

SEKSIYON 4. Taning ng Panunungkulan. Ang Tagapangulo at unang limang (5) Kasamang Komisyonado ay manunungkulan sa taning na pitong (7) taon, ang sumusunod na anim (6) na kasamang Komisyonado sa taning na anim (6) na taon, at ang nalalabing anim (6) sa taning na limang (5) taon. Ang paghirang para sa isang bakanteng puwesto ay para lamang sa di-natapos na bahagi ng taning ng hahalinhan o hinalinhan.

SEKSIYON 5. Kabayaran. Ang Tagapangulo at mga Kasamang Komisyonado ay dapat may katulad na ranggo, karapatan, sahod, gugol na ipinahihintulot at iba pang kabayaran ng direktor ng kawanihan at katulong na direktor, ayon sa pagkasunud-sunod.

SEKSIYON 6. Alintunin ng Kaparaanan. Ang Komisyon ay magtatakda ng sarili nitong alintuntunin ng kaparaanan at magpupulong nang minsan sa isang linggo o mas madalas pa kung kinakailangan.

SEKSIYON 7. Tungkulin at Gawain. Ang Komisyon ay gagawa ng mga hakbang upang mapaunlad at mapayaman pa ang Filipino batay sa mga umiiral na wikang

Pilipino at iba pang wika. Tungo rito, ito ay magmumungkahi at magbabalangkang ng mga programa sa pananaliksik at pag-aaral ng mga umiiral na wikang Pilipino, kabilang na ang pagsasanib o paghihiram ng mga salitang banyaga. Para sa layuning ito, ang mga tungkulin ng Komisyon, bukod sa iba pa, ay:

(1) Ang pagpapasimula at pagmumungkahi ng mga hakbang para gawing nangingibabaw na wikang opisyal ang Filipino sa pangkalahatang komunikasyon at edukasyon pagdating ng taong 2000;

(2) Ang pagpili mula sa mga umiiral na wikang Pilipino at pag-aayos sa magkakahiwalay na grupo ng:

a) mga salita at pariralang ginagamit sa lahat o mayorya ng mga nabanggit na wika na may magkatulad na tunog at kahulugan;

b) mga salita na ginagamit sa lahat o mayorya ng mga nabanggit na wika na may magkatulad na tunog ngunit magkaibang kahulugan;

k) mga salitang ginagamit sa lahat o mayorya ng mga nabanggit na wika na may magkakatulad na tunog ngunit magkatulad o magkaibang kahulugan.

(3) Ang gumagawa ng komparatibong pag-aaral ng mga unlapi, gitlapi at hulapi ng mga umiiral na wikang Pilipino;

(4) Ang pag-aralan at itakda ang ponetika at ortograpiyang Filipino;

(5) Ang pagsikapang isalin sa Filipino ang lahat ng mga "textbook" sa Ingles na ginagamit sa primarya, sekundarya at terseryang antas.

SEKSYON 8. Talasalitaan at Balarilang Gagamitin. Magiging tungkulin

ng Komisyon na maghanda ng isang talasalitaan at Balarilang Filipino. Datapwat ang Komisyon ay hindi dapat maging purista at gumawa ng mga dikanaishais na pagsasalin ng mga hiram na salitang banyaga.

SEKSYON 9. Lingguwistikang Usapin. Ang disis-yon ng Komisyon sa lahat ng lingguwistikang usapin, kapag pinagtibay ng Pangulo ng Pilipinas, ay ituturing na pamantayang pampanitikan sa lahat ng opisyal na lathalain o limbagin at teksto sa mga paaralan.

SEKSYON 10. Awtoridad. Ang Komisyon, batay sa pagsang-ayon ng Pangulo ng Pilipinas, ay may karapatan na iwasto, palitan, o baguhin ang lingguwistikang anyo at ekspresyon ng lahat ng mga aklat na nasusulat sa wikang pambansa na nauukol gamitin ng mga paaralan. Dahil dito, ang Komisyon ay may karapatang balangkasin ang mga naaayong alituntunin na maaaring kailanganin upang mabisang maipatupad ang mga probisyon ng batas na ito.

SEKSYON 11. Libreng Koreo. Ang mga lathalain ng Komisyon katulad ng mga talasalitaan, bokabularyo, balarila, polyeto at iba pang mga limbagin ay bibigyan ng karapatang gumamit ng koreong walang bayad.

SEKSYON 12. Taning ng Pag-iral. Ang pag-iral ng Komisyon ay walang taning bukod sa kung itatakda ng batas.

SEKSYON 13. Apropiasyon. Ang dagdag na halagang isang daan at limampung milyong piso (P150,000,000.00) ay inilalaan mula sa kabang-yaman ng bansa para ipatupad ang mga itinataadhana ng Batas na ito. Pagkatapos nito, ang anumang halagang kakailanganin ng Komisyon ay isasama sa taunang badyet.

SEKSYON 14. *Maga Tadhanang Lilipas.* Ang mga nanunungkulan Direktor, Kagawad, Kalihim at Punong Tagapagpaganap ng kasalukuyang Linangan ng mga Wika sa Pilipinas ay magtutuloy sa panunungkulan sa loob ng anin (6) na buwan hanggang sila ay mapalitan o muling mahirang sang-ayon sa bagong taning, alinsunod sa Batas na ito: NGUNIT ang panunungkulan, ranggo, mga suweldo at karapatan ng mga ibang empleyado ay hindi maaapektuhan.

SEKSYON 15. *Saknong na Nagtatangi.* Kung may anumang probisyon sa batas na ito o ang paggamit ng nasabing probisyon ay idedeklarang walang bisa, ang mga nalalabing probisyon o ang paggamit ng nasabing probisyon ay hindi maaapektuhan.

SEKSYON 16. *Saknong na Nagpapawalang Bisa.* Lahat ng Batas, dekreto ng presidensyal, pampanguluhan ng utos o mga bahagi nito na di kaugma sa probisyon ng Batas na ito ay ipinawawalambisa o inaamyendahan ng naaayon.

SEKSYON 17. *Pagkakabisa.* Ang Batas na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw matapos ang buong pagkalathala nito sa *Official Gazette* o sa dalawang (2) pahayagan na may pangkalahatang sirkulasyon.

English Translation:

Be it enacted in the Senate and House of Representatives of the Philippines in Congress assembled:

SECTION 1. *Policy.* Pursuant to the 1987 Constitution, Congress deems it proper and imperative to implement the mandate which calls for the establishment of a National Language Commission composed of representatives of the various

regions and disciplines, which shall undertake, coordinate, and promote researches for the development, propagation and preservation of Filipino and other languages.

SECTION 2. *Renaming.* The existing Institute of Philippine Languages is hereby renamed the National Language Commission and its power and functions are hereby expanded as provided in Section 7 hereof. The Commission shall have the power to appoint personnel as may be necessary in accordance with law.

SECTION 3. *Composition.* The Commission shall be composed of a Chairman and seventeen (17) Associate Commissioners: Thirteen (13) to represent the thirteen (13) political regions, namely region 1-12 and the National Capital Region; one (1) representing the natural arts; one (1) representing the social sciences; one (1) representing the literary arts; and one (1) representing the theater arts; audio and visual. The Chairman and the Associate Commissioners shall at least be thirty five (35) years of age, natural-born Filipino citizens and noted for their knowledge and expertise in linguistics and the literature and languages of the regions they represent, in addition to their concern for the development and enrichment of Filipino as the national language. The Chairman and Associate Commissioners shall be appointed by the President of the Philippines with the consent of the Commission on Appointments.

SECTION 4. *Term of Office.* The Chairman and the first five (5) Associate Commissioners shall serve for a term of seven (7) years, the next six (6) Associate Commissioners for a term of six (6) years, and the remaining six (6) for a term of five (5) years. Appointment to any vacancy shall be only for the unexpired term of the predecessor.

SECTION 5. Compensation. *The Chairman and the Associate Commissioners shall have the same rank, privileges, salary, allowances and other emoluments of a regular bureau director and assistant director, respectively.*

SECTION 6. Rules of Procedure. *The Commission shall adopt its own rules and procedures and shall hold sessions at least once a week or as often as the Commission deems necessary.*

SECTION 7. Duties and Functions. *The Commission shall take steps to further develop and enrich Filipino on the basis of existing Philippine and other languages. To this end, it shall propose and formulate programs for the research and study of existing Philippine languages, including the incorporation or adoption of foreign words which have already gained local acceptance. For this purpose, it shall be the duty of the Commission, among others:*

(1) To initiate and propose measures that will make Filipino the dominant official language in general communication and education by the year 2000;

(2) To select from existing Philippine languages and arrange in separate groups:
a) Words and phrases used in all or majority of said languages with common sound and meaning; b) Words used in all or majority of said languages with the same sound but different meanings; c) Words used in all or majority of said languages with similar sound but with the same or different meanings.

(3) To make a comparative study of existing Philippine languages, prefixes, infixes and suffixes;

(4) To study and determine Filipino phonetics and orthography;

(5) To endeavor to translate in Filipino all English textbooks in the primary, secondary and tertiary levels.

SECTION 8. Dictionary and Grammar to be Used. *It shall be the duty of the Commission to prepare a dictionary and a grammar of Filipino. The Commissioner, however, shall not attempt to be purist and make atrocious translations of adopted and accepted foreign words.*

SECTION 9. Linguistic Matter. *The decision of the Commission on all linguistic matters, when approved by the President of the Philippines, shall be adopted as literary standard in all official publications and school texts.*

SECTION 10. Authority. *The Commission, shall, subject to the approval of the President of the Philippines, have authority to correct, alter, or amend the linguistic form and expression in all and any textbooks written in the national language which are intended for adoption as text in all schools. For this purpose, the Commission shall have the authority to formulate the appropriate rules and regulations and such other acts as may be necessary to effectively implement the provisions of this Act.*

SECTION 11. Free Postage. *The publication of the Commission such as dictionaries, vocabularies, grammars, pamphlets, circulars, diplomas, leaflets and all printed matters shall enjoy the use of mails free of postage.*

SECTION 12. Duration of Existence. *The existence of the Commission shall be of indefinite duration unless otherwise provided by law.*

SECTION 13. Appropriation. *An additional sum of one hundred fifty million pesos (P150,000,000.00) is hereby*

appropriated out of any funds in the national treasury to carry out the provisions of this Act. Thereafter, the necessary amount needed by the Commission shall be included in the annual budget.

SECTION 14. Transitory Provision. *The incumbent Director, Members, Secretary and Executive Officer of the present Institute of Philippine Languages shall continue in office for six months until replaced or re-appointed to a new term under this Act: PROVIDED That the tenure, rank, salaries and privileges of the other employees are not hereby affected.*

SECTION 15. Separability Clause. *In the event any provision of this Act or the application of such provision is declared invalid, the remainder of the Act or the application of the said provision shall not be affected thereby.*

SECTION 16. Repealing Clause. *All laws, presidential decrees, executive orders or parts thereof that are inconsistent with the provision of this Act are hereby repealed or amended accordingly.*

SECTION 17. Effectivity. *This Act shall take effect after fifteen (15) days following its complete publication in the Official Gazette or in two (2) newspapers of general circulation.*

Senator Guingona. Mr. President, I ask that we recognize Senator Mercado to sponsor the bill.

The Presiding Officer [Senator Tañada]. Senator Mercado is recognized.

SPONSORSHIP SPEECH OF SENATOR MERCADO

Senator Mercado. G. Pangulo, ipahintulot ninyong

sariwain ko sa ating mga isip na ang pagtatatag ng isang programa ukol sa Wikang Pambansa ay nagsimula noon pang 1935, kung kailan binuo ng Batasan noon ang kauna-unahang Surian ng Wikang Pambansa. Mayroon nang kalahating siglo ang nakararaan, ngunit marahil ay hindi pa natin masasabing ang programang iyan ay naging matagumpay.

The legislative records will show that Commonwealth Act No. 184, as amended by Commonwealth Act No. 333, created the Institute of National Language, which was later renamed Institute of Philippine Languages under Executive Order No. 117.

Ang ating Saligang-Batas ay nagsasaad na: "Ang Kongreso ay magtatatag ng isang Komisyon ng Wikang Pambansa na binubuo ng mga kinatawan ng iba't-ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili.

Minarapat ng inyong abang lingkod na ihain ang panukalang ito bilang pagtugon sa ipinag-uutos ng ating Saligang-Batas.

I filed this bill, Mr. President, in November 1987. It was referred to the Committee on Education, Culture and Sports, which conducted public hearings thereon, and thereafter submitted Committee Report No. 329.

This Report contains proposed amendments, with which I fully concur, since they are the results of the Committee deliberations, under the leadership of Senator Angara, and these deliberations were enlightened by the inputs from the various authorities during the public hearings, and thus they served to improve the structure of the proposed Commission. I shall, however, leave the explanation and sponsorship of the Committee amendments to the Committee Chairman, as this is, of course, his prerogative.

Allow me, Mr. President, in this brief remarks, to take cognizance of the fact that the issue of a national

language is highly controversial, and even quite emotional. I do not wish, at this time and on this occasion to raise that issue, with all its myriad and emotionally charged ramifications.

By this, I do not mean that I am skirting the issue, or, in a manner of speaking, sweeping it under the rug. Rather, I would like to respectfully suggest that the establishment of the Commission, which this measure proposes as mandated by the Constitution, is the first proper approach to the rational resolution of the issue.

Umaasa ako, G. Pangulo, na ang Komisyon ng Wikang Pambansa na iminumungkahi sa panukalang ito ang siyang magpapasimula sa lalong madaling panahon ng mga kinakailangang hakbangin tungo sa pambansang pagkakaisa na harinawa ay magbunga ng isang Wikang Pambansa na taos-pusong tinatanggap ng bawat Pilipino sapagkat ito ay nagtataglay ng mga salitang nagmumula sa budhi at diwa ng iba't iba nating mga kababayan mula sa lahat ng dako ng Pilipinas.

Marahil ay napapanahon nang talaga na tayong mga Pilipino ay magkaroon ng isang tunay na Wikang Pambansa, na mayroong mga salitang galing sa iba't ibang lugar ng ating kapuluan. Ang ating mga kabalat sa lahi, ang Indonesia, ay mayroon nang isang wika, na binansang Bahasa, bagamat sila ay nagsimula lamang noong 1949, kung kailan sila naging malayang bansa sa mga dayuhang Olandes. Naging matagumpay din sila. Samakatwid, sa loob lamang ng humigit-kumulang na tatlong taon ay nakuha nilang magkaisa-isa at makapagtaguyod ng isang pambansang wika, kahit na mas marami silang mga dialekto at panrehiyong wika kaysa sa atin. Ito ay nagpapatunay na kung talagang gugustuhin ng isang bansa at magkabuklod-buklod ang mga mamamayan nito ay masusunod at magtatagumpay ito sa mithing magkaroon ng isang Wikang Pambansa, sapagkat ito ay isa sa mga institusyong nagpapatibay ng pagkakaisa ng isang sambayanan.

Marahil ay hindi ko dapat ipagdiin pa kung gaano kahalaga para sa ating mga Pilipino ang pagkaroon ng isang pambansang wika, at ito ay magiging isang katuparan lamang sa pamamagitan ng Komisyon na dapat

itatag sang-ayon sa iniaatas ng ating Saligang-Batas. Sa aking palagay, kapag naitatag na ang Komisyong ito at nagsimula na sila sa kanilang mga dapat gawin, hindi magtatagal ay magkakaroon na tayo ng tunay na Wikang Pambansa na hahanguin sa iba't ibang mga salita na kasalukuyang ginagamit natin. Inaasahan natin na sa kanilang pag-aaral at pananaliksik ay mapagyayaman nila ang ating wika sa pamamagitan ng paggamit hindi lamang ng mga wika sa ating bayan, kundi pati ng mga salitang banyaga katulad ng Ingles, Kastila, Hapon, Intsik, na talagang ginagamit na rin ng ating mga kababayan.

Bilang pagtatapos, ay ipinakikiusap ko sa ating mga kasama dito sa Senado na sana ay ating mapag-usapan at mapagpasiyahan ang bagay na ito sa lalong madaling panahon upang maipakita natin sa ating bayan ang ating masugid na pagnanais na tugunan ang isyu ng Wikang Pambansa, katulad ng itinatadhana ng Saligang-Batas.

Maraming salamat po, G. Pangulo.

The Presiding Officer [Senator Tañada]. The Majority Floor Leader.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF SENATE BILL NO. 209

Senator Guingona. Mr. President, I move for the suspension of consideration of Senate Bill No. 209.

The Presiding Officer [Senator Tañada]. Is there any objection? [Silence] Hearing none, the same is approved.

Senator Guingona. Mr. President, tomorrow, we will take up the Price Stabilization, the Overseas Workers Fund, the franchise to Cebu Air to Francisco Cervantes, the Strategic Environmental Plan for Palawan, and changing the Board of Governors of the Board of Investments.

ADJOURNMENT OF THE SESSION

I move that we adjourn the session until three o'clock